



---

## PAHAYAG SA MEDIA

**ILABAS KAAGAD:** Ika-20 ng Hunyo, 2019

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann - 415.749.4900

### **Nag-aalok ang Air District ng higit sa \$50 milyon sa mga gawad upang mabawasan ang pagpaparumi sa hangin mula sa mga makinang diesel ng mga heavy duty na sasakyan.**

**SAN FRANCISCO** – Tumatanggap ng mga aplikasyon ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) para sa gawad ng pagpopondo para sa mga proyekto na babawas sa nakakalasang mga emisyon ng hangin at mga pamparumi na bumubuo sa ozone mula sa mga mas luma at nagpaparuming makinang diesel.

Kabilang sa mga kwalipikadong kagamitan ang katamtaman at heavy-duty na mga trak at bus, naililipat na kagamitan para sa konstruksiyon at pang-industriya, mga sasakyang-dagat, mga lokomotibo at mga bus ng eskuwelahan.

“Ngayong taon, pinangangasiwaan ng Air District ang walang-katumbas na halaga ng pamumuhunan sa mga proyekto upang bawasan ang pagpaparumi sa hangin sa mga apektadong komunidad sa buong siyam na county ng Bay Area,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Pahihintulutan tayo ng mga pagpopondo na ito na lalong mabawasan ang pasang dala ng pagpaparumi sa hangin sa mga komunidad na higit na nangangailangan ng ating pagtulong.”

Magagamit ang pagpopondo para sa mga proyekto na:

- Papalitan ang mas lumang kagamitan ng diesel ng mas bago at mas malinis na kagamitan
- Papalitan ang mga mas lumang makinang diesel ng mas bago, mas malilinis na makina o magpapalit tungo sa sistema ng kuryente na walang emisyon
- Magtatayo ng impra-istruktura para sa de-kuryenteng pagcha-charge o paglalagay ng mga gatong bilang suporta sa bagong kagamitan na wala o halos walang emisyon

Awtorisado ng AB 617 na batas ng estado ng California, nakikipagtulungan ang Air District sa mga residente ng mga lokal na komunidad sa pamamagitan ng Programa para sa Proteksiyon ng Kalusugan ng Komunidad upang magpatupad ng napatunayan at makabagong estratehiya upang mapahusay ang kalusugan ng komunidad sa pamamagitan ng pagbabawas ng pagkahantad sa mga pamparumi sa hangin sa mga kapitbahayan na pinakaapektado ng pagpaparumi sa hangin. Bibigyang priyoridad ng Air District ang mga aplikasyon para sa mga proyekto na babawas sa mga emisyon sa mga komunidad ng West Oakland, Richmond – San Pablo, East Oakland, - San Leandro, Eastern San Francisco, Pittsburg - Bay Point, San Jose, Tri-Valley area at Vallejo.

Higit sa \$50 milyon sa gawad sa pagpopondo mula sa Programa para sa Proteksiyon ng Kalusugan ng Komunidad at Programang Carl Moyer ang tutulong upang mapabuti ang kalidad ng hangin sa rehiyon.

Handa ang mga kawani ng Air District upang sumagot sa mga tanong tungkol sa proseso ng aplikasyon at mga kahingian sa paggawad. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa ng gawad o upang simulan ang isang aplikasyon online, bumisita sa website ng Air District sa [www.baaqmd.gov/AB617grants](http://www.baaqmd.gov/AB617grants) o tumawag sa 415 749-4994.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

Air District Communications Office  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)